

# Komunidad na Sumusuporta sa Kakayahang Pang-Akademiko, Isang Tahanan na Nag-aalaga, At Isang Paaralan na Umuunlad.

Matsusaka City Board of Education



Ang mga bata ay nabubuhay sa panahon ng mabilis na pagbabago. Ang mga bata ay inaasahang magkaroon ng kakayahang ipakita ang kanilang potensyal, pahalagahan ang kanilang mga pinagsamahan sa iba, hamunin ang kanilang sarili sa mga pangarap at ambisyon ng walang takot na mabigo, ay magbukas ng masaganang kinabukasan. Kailangan kilalanin ng mga paaralan, tahanan, at komunidad ang kani-kanilang mga tungkulin at magtulungan upang pangalagaan ang "kakayahang mabuksan ng mga bata ang kanilang hinaharap" habang hinahasa ang kanilang kakayahan sa edukasyon.

Mag-click dito para sa mga item na nauugnay sa kakayahang pang-akademiko sa National Academic Ability/ Learning Status Survey. May Posibilidad na, "ang mga bata na hinihikayat ng mga magulang ay may mas mataas na kakayahan sa pag-aaral. Ang graph sa ibaba ay batay sa "Children's Student Questionnaire Survey" ng 2022 Nation Academic Ability/ Learning Status Survey. Ito ay isang graph na nag papakita ng ugnayan sa pang-akademikong kakayahan. (Ang mga numero ay average na porsyento ng mga tamang sagot para sa bawat paksa).

## Tahanan

**Maglaan ng oras para makipag-usap sa pamilya. Paglikha ng mga nakasanayang gawi ng pag-aaral at pagbabasa sa tahanan.**




May kugnayan ang kakayahag pang akademiko at "oras ng paglalaro ng video games".Mahalaga sa bawat pamilya na magtalaga ng oras at suriin kung sinusunod ito.

Home



May kaugnayan ang kakayahang pang-akademiko at "oras para mag-aral sa bahay".Importanteng magtalaga ng oras at lugar araw-araw at purihin ang kanilang pagsisikap.

Home




May kaugnayan ang kakayahang pang akademiko at "pagbabasa ng libro at newspapers".Magtalaga ng araw para magbasa sa inyong tahanan at pag-usapan kasama ang pamilya

Home

## Paaralan

**Paglikha ng mga klase kung saan mararamdaman ang kahalagahan ng pag-aaral. Paglikha ng Ligtas at Walang Panganib na Klase at Paaralan**




Sa klase, importanteng pag-aralan "ang mga katanungan lalo na ang pumupukaw ng interes" , "bigyan ng oras sa pag-iisip" upang matutong lumutas ng katanungan mag-isa.

School




Upang ang mga bata ay aktibong maipahayag ang kanilang opinyon, palawakin ang kanilang kaalaman, kinakailagan na pahusayin ang "oras ng komunikasyon" sa klase

School



※学級経営マイスター　菊池省三先生

Maaaring palawakin ng mga bata ang kanilang kaalaman sa pamama-gitan ng mga aktibidad sa talakayan.

School

## Komunidad

**Paglikha ng mga araling makabuluhan, Paglikha ng mga klase at paaralan na ligtas at payapa**



Kung ikukumpara sa buong Japan, ang mga bata sa Matsusaka ay sumasali sa mga lokal na kaganapan at nag-iisip kung paano sila mapapa buti sa komunidad at lipunan.

Komunidad



Pagpapatuloy sa pag-aaral at koneksyon ng mga bata at komunidad/lipunan ay importante para sa pagpapatibay ng hinaharap. Kailangang ipagpatuloy ang pag gawa ng mga sistema upang mapa-laki ang mga bata sa lugar.

Komunidad




Mangyaring makisali sa mga bata upang sila ay matuto tungkol sa mga industriya at kultura, tulad ng tuwing integrated study, upang magkaroon ng kaalaman bilang miyembro ng lipunan.

Komunidad

Para sa mga bata,importante ang "paaralan","tahanan", at komunidad at habang masaya sa pakikipag-ugnayan sa isa't isa, madarama nila ang presensya at kagalakan, "magkaroon ng kakayahan para sa kanilang kinabukasan". Ang mga paaralan, tahanan, at komunidad ay dapat na magtulungan upang pangalagaan ang kinabukasan ng mga bata.

2022 Matsusaka City Academic Ability Improvemet Promotion Council

## Support Site for 5 challenges

【Para sa mga bata】
I-scan ang QR code gamit ang tablet, at iba pa. Para sa inyong pangarap ! Gawin natin ang mga challenges na ating naisip!

【Para sa komunidad at tagapag-alaga】
Gamitin ito bilang isang sanggunian para sa pagsuporta sa hamon ng mga bata.

５つのチャレンジ　応援サイト

Halimbawa【Magtalaga ng lifestyle habits】sa mga pahina、
・Tatlong beses
・Paraan ng paggamit ng tablet
・Paraan ng paggamit ng smartphone
Pwedeng gamitin bilang halimbawa




Ang QR code ay rehistrado ng Denso Wave Trademark Inc.